

Banaag na Ang Umaga Pagtawid mula sa Dalamhati Patungong Luwalhati Ng Pagteteolohiyang Filipino

By *Honorina Lacquian*

Ang akdang ito ay isang pagsasara sa usaping inikutan ng mga naisulat na sanaysay. Inaako kong hamon kung paano papalapitin ang umaga para sa ating pagteteolohiya bilang mga Pilipino. Layon ng akdang ito na ipakita sa mga mambabasa na tayo ay mga teologo. At maari na nating simulan ang gawaing ito sa simpleng pamaraan. Ang panalangin ko nawa ay madama ng mambabasa ang puso ng sulating ito.¹ Simulan natin ang kwento sa kung saan natin ipinapalagay ang ating sarili.

Malayo pa Ang Umaga

Nabanggit ni Michael Janapin sa kanyang sanaysay ang awit ni Rey Valera na “Malayo pa ang Umaga”² at para kay Janapin ito ang kalalagayan ng luwalhati kumpara sa ating karanasan sa dalamhati. Dito ko sisimulan ang kwento ng kaisipan natin ukol sa pagteteolohiya sa ating bansa. Sa aking paglalagum sa mga pagmamasid at pagsusuri ng adhikaing makapagteolohiya sa wikang Pilipino masasabi nating malayo pa nga ang umaga. Ito ay kasing-layo ng pagtawid natin mula sa dalamhati patungong luwalhati sa maraming aspeto ng ating pagiging Pilipinong nakapaloob sa grupong Baptists.

Marami pa rin talaga sa atin ang nag-iisip na ang gawaing pang teolohiya ay para lamang sa mga dalubhasa. Ito ay pangsimbahan lamang at walang kinalaman sa ating pang-araw-araw na buhay. Bukod pa doon, ay piling tao lamang ang talagang pwedeng mag teolohiya. Kailangan mataas ang narating na antas ng pag-aaral at dapat lamang na maituturing syang paham sa usapang pilosopiya. Sa katunayan, marami ang naniniwalang dapat talagang ipinasakamay na natin ito sa mga dalubhasa ng

¹Malaki ang pasasalamat ko sa mga taong tumulong sa akin upang maging maayos ang akdang ito. Isa dito si Fritz Melodi, ThD na nagbigay ng kanyang mga mungkahi tungkol sa nilalaman nitong pang-teolohiya. Di ko rin makakalimutan ang tulong ng aking kapatid Virginia Laudencio, D. Ed. sa pagsasaalang-alang ng wikang Pilipino. Nabanggit nya na mas madaling maunawaan kung ang paraan ng pagkasulat ay “conversational”.

²Rey Valera, “Malayo Pa Ang Umaga,” Journal News online, March 26, 023, <https://journalnews.com.ph/malayo-pa-ang-umaga-kanta-ni-rey-para-sa-pinas/>. Ang awiting ito pala ay sumasalamin ng pag-asang hinihintay ni Valera para sa bansang Pilipinas. Jan Milo Severo, “Rey Valera Bares Real Political Meaning Behind “Malayo Pa ang Umaga” Philippine Star, Set 15, 2021, <https://www.philstar.com/music/2021/09/15/2127375/re-valera-bares-real-political-meaning-behind-malayo-pa-ang-umaga>. Sa akdang ito, ginamit ko naman ang koro ng awit upang maging gabay sa pagsulat dahil ito ay sumasalamin naman sa ating pagteteolohiya.

kanluraning bansa. At dahil gawa nila ito, ay maari na lamang nating ulitin at gayahin kung nasaan man tayo.

Ang kaisipang nabuo ang theology para sa lahat ng tao, ng oras, at ng kaisipan ay bumabalik sa panahong 1800s pa at paatras. Ito ay ang panahon na ang unang adhikain ng mga teologo ay aralin at buuin ang isang tama at lubos (Absolute) na interpretasyon ng Bibliya na magiging akma sa lahat ng henerasyon at sa lahat ng kultura. Ito ay niyakap na pamana ng mga dakilang protestanteng scholastics at mga dalubhasa galing sa Princeton. Tinagurian ito ni Stanley Grenz na *Concordance Model of Theology*. Sa modelong ito ang Bibliya ay maaring maunawaan objectively at maaring ilagum sa modernong konseptong makikipagsabayan sa mga kaalamang pang-agham. Pinagsikapan makabuo ng angkop na teolohiya na makapagpapalainaw sa katotohanan ng Salita ng Dios sa buong lupon (set) ng kaalamang pangsandaigdigang magiging katanggap-tanggap at angkop upang palayain ang teolohiya mula sa kontekstong kultural at upang makabuo ng mga pahayag na hindi sakop ng oras, panahon, at may kalayaan mula sa impluwensya ng kultura.³

Sabi nga ni Fischer Humphreys, ang theology ay ang pag-iisip tungkol sa Dios.⁴ Kasama sa pag-iisip na ito ang mundo na nakatago at ang kabuuan ng kaisipan at katuruang pinanghahawakan ng mga Kristiano sa loob ng mahigit dalawang libong taon. Nakapaloob din dito ang mga personal na pag-amin at pag-angkin sa pananampalataya.⁵ Para kay Ka Jose De Mesa, ang pag-aaral ng teolohiyang Pilipino ay maaring tawaging Mabathalang Pag-aaral.⁶ Hindi ko man ito madaliang yayakapin sa sulating ito, ngunit, ito ay isang pag-anyaya na kahit manawari ay ating mabigyang-pansin. Kaya hwag magtaka kung minsan ay mabasa ninyo ang mabathalang usapan sa lugar kung saan teolohiya ang napag-uusapan. Gagamitin ang 2 salitang ito bilang isa lamang sa kabuuan ng sanaysay na ito. Wala pa tayong tiyak na salita para sa teolohiya, ibig sabihin banyaga pa ito sa atin, hindi pa ito lubusang maliwanag para sa atin.

³Stanley Grenz, *Theology for the Community of God* (Grand Rapids, MI: Eerdsman, 1994), 5. Ang salitang “concordance” ay tumutukoy sa pamamaraan kung saan lahat ng kakayahan ng tao ay pinagsasama sama upang magampanan ang walang-katapusang tungkulin na matagpuan ang katotohanan. Tingnan din ang sulat ni Joris Geldhof, “Pro Veritate: A Case for a Method of Concordance in Theology” JSTOR, 2009, <https://doi.org/10.1111/j.1741-2005.2008.00239.x>. Sa pangkalahatan, ang Concordance Model ay hindi lamang sa theology ginagamit kundi sa paghahanap sa katotohanan gamit ang deductive causations, kung saan ang mga nabubuonng kaalaman ay nasusubukan at napagmamatayagan base sa sukatan ng agham (empirical data). Rebecca L. Schiff, “Concordance Theory: A Response to Recent Criticism, Armed Forces and Society, Vol. 23, No. 2 (Winter 1996), <https://doi.org/10.1177/095327X9602300209>. (277-283).

⁴Fisher Humphreys, *Thinking About God: An Introduction to Christian Theology* (New Orleans: Insight Press, 1974), 7.

⁵John Macquarrie, *Principles of Christian Theology* (NY: Charles Scribner’s Sons, 1966), 1-2.

⁶Jose De Mesa, *Mabathalang Pag-aaral: Ang Pagteteolohiya ng Pilipino* (Manila: Vee Press, 2010), 15. Si Bathala ang sinaunang kaisipan natin na magbibigay banaag sa karanasang may Makapangyarihang Manlilikha na nagtatakda ng ating kahihinatnan. Kaya nga’t ang “bahala na” ay isang nakaikit na kamalayan sa Filipino spirituality. P. Paredes Day, Bahala Na: A Personal Renewal of Filipino Spiritual Practice” (Last update October 2009), <http://www.babaylan.com/bahalameditation.html>.

Kahit sa Dilim Naghihintay Pa Rin

May dalawang direksyon ang mabathalang pag-aaral: isang mula sa itaas (from above) at teolohiya mula sa ibaba (from below).⁷ Ang mabathalang pag-aaral na mula sa itaas ay ang paggamit ng katuruan ng Biblia. Ito ay ang masusing pag-aaral at pagtalakay sa mga katuruan ng Biblia na kailangan natin maalaman. Ang pagteteolohiya naman mula sa ibaba ay nakatutok sa kalagayan ng tao at kung paanong masasagot ng Salita ng Dios ang kasalukuyang pangangailangan ng tao. Sa aking palagay sa Mabathalang Pag-aaral, kadalasan ay sinisimulan ang pagsilip sa kultura bago ang pagbabalik sa Salita ng Dios.⁸ Ito ay sa kadahilanang, binibigyang palagay na napag-aralan na ng masinsinan ang maraming kaalaman hinggil sa katuruang Judeo-Kristiyano. Kaya nga at ang mga sumusunod kong adhikain ay kung ano at paano tingnan ang kultura upang maiangkop ang paraan ng pagteteolohiya.

Ang gawaing mag-teolohiya ay para sa lahat. Di ba marapat lamang na maging kaaya-aya at katanggap-tanggap ito para sa lahat? Maganda ang pamaraan (*methodology*) ni Paul Tillich na *correlation method* kung saan pinagtatapat nya sa relasyong *divine-human* kung saan namamayani ang pagkakaunawang ang Maykapal ang sagot sa mga katanungan ng tao. Ang teolohiya ay bumubuo ng mga tanong na kaakibat ng buhay ng tao, at mula sa mga tanong din naming ito ang teologo ay nagbabalangkang ng sagot sa mga katanungan kaakibat ng banal na pagpapakilala sa Dios. Ang ating mga sagot ay sya namang gabay din natin upang mapagtuunan ang mga tanong na nakapaloob sa katauhan ng ating pagkatao.⁹ Para naman kay De Mesa, ang 2 poste (pole) ng teolohiyang ito ay maaring tumugon sa panukalang “pananampalatayang Judeo-Kristiyano at ang ating pangkasalukuyang karanasan.” Ang mabathalang pag-aaral ay dapat na nagsasaalang-alang ng pananampalatayang Judeo-Kristiyano at ang kahalagahan nito sa pangkasalukuyang karanasan ng tao.¹⁰

Isa ring pamaraan paano mauunawaan ang tinuran na ito ni Tillich ay ang pagtukoy sa kung ano ang ating pinakamataas na pinagkakaabalahan (*ultimate concern*) na nagiging sanhi ng pagkawala ng ating pagiging “ako.” Maaring ang ating pinakamalaking pinagkaabalahan ay ang pinakamalaking takot na bumabalot sa ating henerasyon at mula dito ay tatapatan natin ang takot na ito ng mensahe ng katuruan ng Biblia na magpapalawak ng pag-asa at pananampalataya sa Maykapal. Sa teolohiya, naitataas ang katotohanang ang Maykapal lamang ang tanging tugon sa ating mga pag-aagam-agam sa buhay.¹¹

Kung bibigyan natin ng isang halimbawa ang mga posteng ito na tinutukoy

⁷Charles Van Engen, *Mission on the Way: Issues in Mission Theology* (MI: Baker Books, 1996), 35-68.

⁸Sang-ayon sa pagtuturo ni Ka Jose De Mesa, hindi mahalaga kung saan magsisimula sa pag-aaral ang isang theologian. Kung mula man ito sa itaas o sa ibaba ay hindi na mahalaga. Para sa kanya, mas makakabuti pa nga kung galing sa itaas dahil sa makatwid bagay talagang inaaral natin ng una ang kung ano ang iniaaral ng Kasulatan. Jose De Mesa, lecture in Gospel and Culture, June 30, 2014.

⁹Paul Tillich, *Systematic Theology*, vol. 1 (University of Chicago Press, 1973), 59-61.

¹⁰De Mesa, *Jose De Mesa*, 297.

¹¹Tillich, *Systematic Theology* vol 2, 14.

sa teolohiya ay maaari nating tingnan ang karanasan ng pagdadalamhati. Mula sa correlation ni Tillich, maari nating itanong, bakit tayo nagdadalamhati. Ang paghugot ng sagot sa tanong na ito ay magiging possible kung tatanawin natin ang turo ng salita ng Dios tungkol sa dalamhati. Kung iisa-isahin natin lahat ng mga lingkod ng Dios ay dumaan sa matinding dalamhati. Iba't-ibang anyo ng pighati at pagdurusa ang kanilang napagdaanan ngunit makikita natin na may dahilan ang mga dalamhating ito. Maging ang anak ng Dios ay nagdalamhati. May magandang dulot din para sa atin ang dalamhati. Wala tayong kaligtasan kung hindi naghirap si Jesus sa krus ng Kalbaryo. Walang pagkabuhay na maguli kung hindi sya namatay at inilibing. Sa dalamhati na pinagdaanan ng mga alagad ni Jesus, doon sila nabuhayan ng pag-asa. Tayo rin ay maaring mabuhay na maguli katulad ni Jesus. Yan din ang pinagmulan ng bagong pag-asa at tapang para sa mga alagad. Kaakibat ng dalamhati ang luwalhati. Sa bandang dulo o maging sa gitna ng pagdadalamhati ay meron nga namang luwalhati.

Umaasang Bukas ay may Umaga

Ang pagsasaalang-alang sa ating karanasan sa pagteteolohiya ay ang paglilinaw ng katanungang bumabagabag sa buhay ng tao. Sa ating tanong nakasalalay ang linaw ng kasagutan. Kung paano natin nauunawaan ang pangangailangan ng tao ay ganoon din naman ito masasagot mula sa pahayag ng Dios sa kanyang pagpapakilala sa kanyang sarili ayon sa Mabuting Balita mula sa pagkapanganak, pagkatao, kamatayan, muling pagkabuhay, at pagbabalik sa langit ng kanyang anak na si Jesu Cristo.

Isa sa naging bunga ng ganitong pag-iisip ni Tillich ay ang *dynamic* na pamamaraan ng pagmumuni-muni sa ating pananampalataya. May mungkahing hakbang si Lucretia Yaghjian sa pagmumuni-muni natin sa ating pananampalataya. Ito ay: (1) ang pagkilala sa tanong na naggagaling sa ating karanasan; (2) paglalarawan ng karanasan sa pamamagitan ng pagsulat upang makita ang pinaka buod ng tanong na naggaling sa karanasan; (3) pag-ugnayin ang karanasan at ang katanungan sa kaugalian, salaysay, at mga sagisag ng Kristiyanismo; at (4) ang pinakahuli ay ang pagbuo o paglikha ng mga bagong pagmumuni-muni mula sa karanasang galing sa pagsusulat na ito.¹²

Kailan nga ba tayo nagmumuni-muni? Nagmumuni-muni tayo kahit anong oras at kahit nasaan tayo. Hindi lang naman sa oras ng pag-aaral nangyayari ito. Minsan kahit sa pangkaraniwang pagkukwentuhan ay nagkakaroon tayo ng pagkakataon magmuni-muni. Kadalasan ito ay nagaganap kapag dumaranas tayo ng pagsubok o matinding dagok ng buhay. Sa mga pagkakataong tayo ay nasa gitna ng dalamhati ay nakakapag-isip tayo ng malalim at napagtutuunan natin ng pansin ang ating mga nakagawiang pamaraan ng pananampalataya at natututo tayong magtanong, tama ba ito? Bakit taliwas sa dinaranas ko ngayon ang tinuturo ng aming sambahan o denominasyon? Sa gitna ng pighati nag-iisip tayo at nagtatanong at sa mga pagtatanong na ito ay

¹²Lucretia Yaghjian, *Writing Theology Well: A Rhetoric for Theological and Biblical Writers* (New York: Continuum International Publishing Group, Inc., 2006), 20-21.

hinahanap natin ang kaugnayan ng ating karanasan sa pinakaugat ng ating pagiging Kristiyano. Mula sa mga pag-uugnay na ito ay nakakabuo tayo ng bagong mga kaisipan at bunga ng pagmumuni-muni.¹³

Kapag natutunan na nating tingnan ang sarili nating karanasan, doon natin mapagtatanto ang mga katanungang bumabalot sa ating pananampalataya bilang Kristiyanong Pilipino. Totoo naman na nakikilala natin ang Dios sa pamaraan ng pag-aaral ngunit kung ang ating alam sa pananampalataya ay walang talabang relasyon sa ating karanasan, mananatili itong banyaga sa atin. Kung aangkinin natin ang katanungan at tayo mismo ang hahanap ng kasagutan mula sa Bibliya ay mas liliwanag ang ating padating na umaga.

Sa Aking Buhay Umaga Ko’y Aking Hinihintay

Sa talaban ng pananampalataya at karanasan, di natin maiaalis ang kahalagahan ng wika at ang nabubuong kaisipan mula sa ating karanasan. Pumapasok sa kaisipan natin ang mga salita at ito ay bumubuo ng imahe o mga larawan sa ating isip at ang mga imaheng ito ay mas nabubuong kaisipan kung atin itong maisasawika. Anumang bagay na nais nating maunawaan ay dumadaan sa wika. Sinabi din ni De Mesa na may kinalaman ang wika sa karanasan at kung papaano nagkakaroon ng tanging anyo ang karanasan ay dahil din sa wika. Kaakibat ng kultura ang wika at diwa sa pag-unawa sa ating pananampalataya.¹⁴ Para kay Gordon Kaufmann anumang kaisipan natin ay dumadaan sa ating utak sa pamamagitan ng mga larawan at mga imahe.¹⁵ Habang nag-iisip tayo ay animo may pelikulang pinapanood ang ating pangloob na mga mata. Kaya nga’t kapag sinabing “inuminan” agad na papasok sa isip natin ang baso o tasa. Ang mabubuong imahe sa ating isipan ay nakabase rin sa ating mga naipong karanasan. Sa makatuwid kung taga ibang lugar ang nag-iisip ng bagay na gagamitin para uminom ay maaring kakaiba ito kesa sa ating iniisip. Maaring ito ay isang bote, baso, makinis na bao, o kaya’y kutsaron. Ang nauusong inuman ngayon ay basong-papel o basong-plastic. Nguni’t ang aking mag-ama ay nakikiuso sa mga kabataang laging may dalalang *tumblers or jug* na 2 litrong tubig ang kayang ilaman.

Ang gawaing pagteteolohiya ay hindi mabubuo kung hindi natin gagamitin ang ating imahinasyon. Nang aking tingnan ang saling wika ng imagination, isa sa nakalistang kataga doon ay ang guni-guni. Hindi ko ito piniling gamitin dahil sa aking palagay ang guni-guni ay tumutukoy din sa kalikutan ng ating isip na maaring iakma

¹³Howard W. Stone and James O Duke, *How to Think Theologically*, third edition (Minneapolis: Augsburg Fortress Press, 2016), 15-18. Sa unang kabanata ng aklat na ito ay ipinaliwanag ng mga may akda ang tungkol sa embedded theology na mga teolohiya na nakaugat na sa ating nakaugalian at ang mga ito ay dumadaan sa matinding pagmumuni-muni kapag dumadaan tayo sa pagsubok o krisis. Manapat ang mga ito naman ay nagiging paksa sating mabathalang usapan at nagiging *deliberative theology*. Sa prosesong ito ang embedded theology ay nagbabagong anyo ayon sa kung paano ito nasuri ayon sa ating karanasan.

¹⁴De Mesa, *Jose De Mesa*, 295.

¹⁵Gordon Kaufmann, *Theological Imagination: Constructing the Image of God* (Philadelphia, Pennsylvania: The Westminster Press, 1981), 22.

sa bungang-tulog kahit gising o maari rin naming nakakakita ng mga kung anu-anong wala naman talaga sa tunay na buhay. Ito ang ginagamit na sasakyan ng mga nilalang na hindi naman totoo o hindi kabahagi ng tunay na mundong ating ginagalawan. Sa ngayon hihiramin ko muna ang katuruan ni Yaghjian na *theological imagination* bilang pamaraan ng pagsasawika ng anumang kaisipan natin hinggil sa Maykapal at sa mundong kanyang ginagalawan. Kasama na dito ang ating pag-iisip, pagtatanong, pangangarap, paglikha, pagbibigay-kahulugan, pagbubuo, pagpuna, pagsasawika, at pagsusulat ng mga *conceptual language* ng pagteteolohiya.¹⁶

Ang *theological imagination* ay nabubuo mula sa ating mga karanasan, pagsasanay pangkaisipan, at pagsasaalang-alang ng ating kalalagayan at kapanahunan (context). Sabi ni Sallie McFague, walang mabubuo sa ating isipan tungkol sa Dios kung hindi ito dumaan sa ating karanasan, kaisipan, o kaalaman. Kaya nga lang dahil sa ating pagmumuni-muni, nagkakaroon tayo ng makabagong pananaw tungkol sa mga karanasan nating ito. Para kay McFague ang mga salitang gamit natin para ilarawan ang Dios ay hindi dapat na-*absolutize* sapagkat ang *religious language* ay hindi lang naiimpluwensyahan ng oras at lunan sa kasaysayan, kundi kasama na rin dito ang uri ng ating pagkatao, lahi, kasarian, kasarínlan, napag-aralan, pamilyang pinagmulan, mga pinagkakaabalahan, mga pagtatangi, at mga agam-agam.¹⁷

Sa ating pagbabasa ng Bibliya, doon natin nakikilala ang Maykapal. Naroon sa mga pahina ng kasaysayan ang mga gawa at katangian nya. Naroon din ang pagpapakilala nya ng kanyang sarili habang nakikipagniig siya sa mga tauhan ng kwento. Nababasa natin doon kung paanong inilalarawan ang Dios. Hindi ito nalalayo sa ating mga karanasan. Nauunawaan natin ang Dios sa paggamit ng mga manunulat ng mga salitang naghahalintulad sa kanya sa iba pang maaari nating isipin. Gumagamit ang mga manunulat ng mga paglalarawan tulad ng *metaphors*, *analogies*, at *symbols*.¹⁸

Paano nga isasalarawan ang Maykapal na hindi naman natin nakikita? Idinadaan natin ito sa pakiramdam. Ginagamitan natin ng mga salitang naghahalintulad. Ang awit ni David, “Si Yahweh ang aking Pastol, hindi ako magkukulang; pinapahimlay nya ako sa luntiang pastulan, at inakay nya sa tahimik na batisan” (Mga Awit 23:1-2). Alam nating hindi pastol ng mga tupa ang ating Maykapal ngunit dahil sa iyon ang kayang malirip ng isip ni David ayon sa kanyang karanasan, manapat naihalintulad niya ang kanyang Panginoon sa isang Pastol. Kung paanong nag-aalaga ang pastol sa kanyang mga tupa ay ganoon din inaalagaan ng Dios ang kanyang mga minamahal. Ang ganitong pamaraan ng paghahalintulad ay gumagamit ng metaphors. Nasa salita na mismo ang kalaliman ng paghahalintulad. Hindi na kailangan pang banggitin na “ang Dios ay tulad ng pastol.” Hindi na kailangan ang salitang “pagtutulad”.

Isa pang ginagamit na wika sa *theological imagination* ay ang pagkakatulad (*analogies*). Dito ay ginagamit ang ‘pagtutulad’ sa layon ng pagsasalarawan kung ano ang bagay o tao. Sa Jeremias 23:29 nakasulat, “**Parang** bato ang aking salita

¹⁶Yaghjian, *Writing Theology Well*, 202.

¹⁷Sallie McFague, *Metaphorical Theology: Models of God in Religious Language* (Philadelphia: Fortress Press, 1982), 3.

¹⁸Yaghjian, *Writing Theology Well*, 205.

at **katulad** ng martilyo na dumudrog sa malaking bato.” Ang mga salitang parang at katulad ay mga salitang nakakatulong upang lalo nating makilala ang hindi natin nakikitang Dios. Ang kapangyarihan ng kanyang salita ay nagpapahiwatig ng kanyang taglay na lakas. Gagamit at gagamit tayo ng paghahalintulad mula sa ating karanasan para mas maunawaan natin ang bagay na hindi naman natin talaga nakikita at direktang nararanasan.

Ang mga sagisag (*symbols*) ay atin ding ginagamit sa teolohiya. Katulad kung paanong ang *Ark of the Covenant* ay kumakatawan sa pagkanaroon ng Dios sa kanilang piling. Maging ang ulap sa araw na kumukulambong sa kanila upang sila man ay hindi masunog sa init ng araw at ang haligi ng apoy naman sa gabi upang hindi sila mangapa sa kadiliman ay nagpapatunay na kasama nila ang Dios. Higit pa sa pagsama ng Dios, ang mga sagisag na ito ay nagpapakilala rin ng kanyang mga katangian at kakanyahan. Maging ang kataga na tumutukoy sa isang bagay ay maituturing na sagisag din. Ang salitang “Dios” ay sagisag na nagtuturo sa atin na may katangi-tanging Maykapal. Sa aking tinuran, magkaiba ba ang Dios at Maykapal? Ang dalawang salitang ito ay sumasagisag sa isang *entity* na higit pa sa kaya nating isalarawan. Maaaring ang Dios ay tumutukoy sa tagapaglikha na dala ng mga Kastila samantalang ang Maykapal ay katutubo para sa atin. Kaya nagtatanong din ako minsan, pwede kayang si Bathala at si Yahweh ay iisa lamang? Si Bathala ay nasa kaisipang Pilipino at si Yahweh ay nasa kaisipang Judeo. Siempre, mas kumpleto ang kwento kung sino si Yahweh dahil sa Biblia, samantalang si Bathala ay nananahan sa ating nalimutang nakaraan.

Sa mga pagtutulad at paghahalintulad ay nakikita natin ang kahalagahan ng wika. Dahil kung gagamitin natin ang wikang Pilipino ay baka mas maaliwalas nga ang ating tatahaking landas sa pagteteolohiya. Kailangang magkaakibat ang pag-iisip, pagsasalita, at maging ang pagsusulat upang maiakma natin ang theological imagination na ating gagamitin sa pagpapaliwanag ng ating pananampalataya. Kung hindi ay mananatili tayong nangangapa sa pusikit na kadiliman ng pagkawala.

At sa Dilim Hinahanap ang Pag-Asa na Walang Landas

Binigyang diin ni Villanueva ang kahalagahan ng paggamit ng sariling wika sa pag-unawa sa bibliya at sa teolohiya. Nabanggit ni Villanueva sa kanyang salaysay ang kalaliman ng pag-unawa ng puso sa mga damdaming nakapaloob sa dalamhati at sa pag-aaral ng salitang ito sa ating kasarinlan.¹⁹ Para sa mga Hebreo ang salitang lev ay tumutukoy sa pagdama at pag-iisip. Minsan ang iniisip ko para sa mga Hebreo, nag-iisip ang puso nila o kaya naman nasa isip nila ang kanilang pandama. Hindi sila maaring paghiwalayin. Sa palagay ko, para sa mga Pilipino na nasanay gumamit ng Inglis bilang pangunahing wika sa sambahan, nagiging magkahiwalay ang puso at isipan. Kailangan bigyan ng dagdag na pansin upang ang mga kaisipan ay makarating sa puso at nang ito ay maramdaman naman. Sa aking palagay nanantiling dayuhan ang ating pananampalataya dahil hindi pa natin naipapahayag ang nauunawaan ng isip

¹⁹Federico Villanueva, “Dalamhati at Luwalhati” na nasa unang mga pahina ng journal na ito.

gamit ang salitang humahagod sa ating damdamin at naisasalarawan kaakibat ng ating mga karanasan.

Ang landas ng pagteteolohiya ay dapat nating tahakin. Ang sabi ni R. C. Sproul, ang bawat Kristiyano ay isang teologo. Dahil lahat tayo ay dapat nag-iisip, nagmumuni-muni, at nag-sasaalang-alang ng ating pananampalataya. Kasama dito ang pag-aayos ng ating paniniwala at mga nakagawian, mga gawain, at mga pagtuturo at pagsamba.²⁰ Yun din nga ang sinabi naman ni Grenz na may 5 uri ng *theologians*. Pero tatlo sa mga uring ito ang dapat nating pakalinangin sa ating mga sambahan: ito ay ang *lay*, *ministerial*, at *professional*. Pinakamahalagang sangkap ng pagteteolohiya na makikita sa 3 uring ito ay ang kakayahang magmuni-muni gamit ang ating kasarinlan, wika, at mga paniniwalang hindi na kailangang ipaliwanag pa (*worldview*).²¹ Tayo ngang pangkaraniwang Kristiyano ay nakikilahok sa pagteteolohiya kapag marubdob nating iniaangkop ang ating pananampalataya sa ating karanasan, kapag pinagtutuunan natin ng pansin ang nakabubuti at nakasasama sa atin, at kapag sinusukat natin ang ating mga limitasyon sa ating pakikibaka, tayo ay nagt-teolohiya rin.²² Pwede naman palang magteteolohiya ang bawat Kristiyanong Pilipino. Bakit di natin gawin?

Ang hamon ni De Mesa sa kanyang mga mambabasa ay yakapin ng bawat Pilipinong Kristiyano ang pangangatwiran, karapatan, at pagpupunyaging matuklasan natin ang tanging uri ng pagteteolohiya sa pangkasalukuyang panahon at sa kung nasaan tayong lugar. Para kay De Mesa kaakibat ng pagteteolohiya ang pag-aaral na kumakatawan sa pagtuon, pagninilay, pagsisiyasat, pagsusuri, at pag-uugnay sa buhay at mga karanasan (sa Dios).²³ Ang teolohiya para kay De Mesa ay hindi lang mabathalang kaalaman dahil kasama rin dito ang pakikilahok sa Mabathalang Usapan.

²⁰Teaching Resources International, "Every Christian is a Theologian by R. C. Sproul," (December 30, 2009) <https://teachingresources.org/2009/12/30/every-christian-is-a-theologian>.

²¹Stanley J. Grenz and Roger E. Olson, *Who Needs Theology? An Invitation to the Study of God* (Downers Grove, IL: Intervarsity Press, 1996), 29-32. Dalawang extremes ang inihiwasan nina Grenz at Olson na pagbuhusan natin ng pansin: kung gagamitan natin ng spectrum, sa bandang kaliwa naroon ang folk theology at sa dulong kanan nama'y ang academic theology. Ang folk theology, ayon sa kanila, ay naglalarawan sa pagteteolohiya na kulang sa pagmumuni-muni. Tinanggap lamang ng tagasunod ang anumang ituro at ipasa sa kanya na kaalaman at katuruan ng Biblia. Hindi sila natutong magtanong o ilagay ang sarili nilang karanasan sa mga katuruang tinanggap nila. Para kay Grenz at Olson, ang folk theology ay dapat na umangat at hindi manatili kung nasaan ito. Dahil maari itong maging dahilan upang ang mananampalataya ay madaling anurin ng mga katuruang magliligaw sa kanila. Sa kabilang banda naman, ang academic theology ay taliwas sa folk theology dahil ito naman ay masyadong speculative at nakasandal sa pilosopiya. Ang nakakabagabag kina Grenz at Olson ay ang posibilidad na ang pagteteolohiya ay humiwalay sa pagsamba o pagiging kabahagi ng church lalo't higit ang malayo ito sa pamantayan ng pamumuhay bilang mananampalataya. Para sa 2 manunulat na ito, kahit na tayo ay nasa pagtuturo ng teolohiya, manatiling ministerial at nakadikit pa rin tayo sa kinabibilangan nating pamilya ng mananampalataya sa isang locality. Nais din nila na hindi nahihwalay ang pananampalataya sa pamamaraan ng pamumuhay. Grenz and Olson, *Who Needs Theology*, 27 at 33.

²²John Trokan, "Models of Theological Reflection: Theory and Praxis" *Journal of Catholic Education* Vol 1, Issue 2 (December 1997), 145-146. <https://digitalcommons.lmu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1032&context=ce>.

²³Jose De Mesa, Jose De Mesa: *A Theological Reader* (Manila: De La Salle University Publishing House, 2016), 294.

Kailangan nating makipagtalastasan at makipagtalamitam sa mga katulad natin na may pagnanais na makabuo ng pagteteolohiyang Pinoy.

Ilang porsyento nga ba ng ating mga pastor ang gumagawa ng sermon gamit ang Bibliyang salin sa Pilipino, namamahagi ng Mabuting Balita sa wikang Pilipino, at nakakapanalangin ng tuluy-tuloy sa wikang Pilipino. Kahit ako ay nahihirapang gawin ang mga ito dahil sa pangkalahatan ang paraan ng pagkatuto at pagsasabuhay ng pananampalataya ay nag-ugat sa Kanluraning kaisipan, wika, at kasanayan. Kapag ganito ang layunin ng ating teolohiya ay lalabas na parang walang sapat na kakayahan ang Pilipino para ipahayag ang kanyang pananampalataya ayon sa kanyang kasarinnan at karanasan. Marahil ang pinakamalaking dahilan ay ang paniniwalang ang teolohiya ay mauunawaan lamang kung tayo ay gagamit ng *Philosophy* na magiging daluyan ng mga ideya at kaunawaan. Kulang nga talaga ang wikang Pilipino upang yakapin ang Kanluraning pilosopiya.²⁴ Ngunit ang tunay na paanyaya naman ng philosophy ay ang paglikha ng mga kaisipang nakakayang ipahayag ng wika. Maaring ang hamon ay kung paano tayo makalilikha ng mga bagong katagang maglalagom sa kaisipang nais nating ipahayag. Matagal pa ba yan?

Kailan Ba Darating ang Bukas Para sa Akin

Isa sa dahilan ng paghamon na gamitin ang ating sariling wika at karanasan ay upang makita ang ating pananampalataya sa ating buhay. Naalala ko noong bumisita kami sa Indonesia, masayang-masaya kaming inanyayahan ng isang pamilyang Kristiyano doon. Si Medy ay isang empleyado sa gobyerno at isa daw sa ikinalulungkot nya ay mahirap kasama sa trabaho ang mga hindi Kristiyano dahil lubog sila sa graft and corruption.²⁵ Sabi nya siguro sa Pilipinas ay mas mabuti ang ating kalagayan dahil mas maraming Kristiyano sa ating bansa. Iniisip nya na ang mga Kristiyano ang makapagtatama sa kalalagayang ito ng kanyang bansa. Nakahihiya mang aminin, pero hindi tayo nalalayo sa Indonesia pagdating sa graft and corruption.²⁶ Dapat sana'y nababago ng ating pananampalataya ang ating mga buhay bilang mamamayan at mababago rin dapat ang ating bansa.

²⁴Minsan naiisip natin na kahit ang Pilosopiya na karaniwang kaakbay ng mabathalang pag-aaral ay imposibleng adhikain para sa isang Filipino. Para kay Quito ang wikang Filipino ay kulang at hindi sapat para ibalangkas ang isang makahulugang kaisipan o philosophy. Emerita S. Quito, *Lectures on Comparative Philosophy* (Manila: De La Salle University Press, 1979), 29.

²⁵United Nations Office on Drugs and Crimes, "Indonesia: Anti Corruption," 2023, <https://www.unodc.org/indonesia/en/issues/anti-corruption.html>.

²⁶Ang Pilipinas daw ay nasa rank 117 na may score na 33 sa corruption Index samantalang ang Indonesia ay Rank 96 sa score na 38. Ito ay base sa pag-aaral sa 180 na bansa. Ang score na 100 ay nagsasaad na malinis mula sa corruption ang bansa at ang 0 naman ay napakataas ng level ng corruption sa bansa. Transparency International, "Corruption Perceptions Index," 2021, https://www.transparency.org/en/cpi/2021?gclid=Cj0KCQjwO-kBhDIARIsAL6L0rdlT9RmxtfCbmbpxkpspn0bn6_k-sfvPrLT9KN84EFiqtxE9I8TbBlaAt88EALw_wcB

Tunay nga naman na ang Mabuting Balita ay angat sa lahat ng kultura at kung titingnan ang sinabi ni Richard Niebuhr,²⁷ isang kaugnayan ng evangelio sa kultura ay ang baguhin ang anyo nito (*transform*). Kaya nga at maaari nating sabihin na maraming kultura ang nagbago ng anyo nang pumasok ang gawaing pagmimisyon at ang nakakalungkot nga lamang ay ang malaking porsiento ng pagbabagong anyong ito ay ang pagyakap sa kulturang kanluranin at hindi ang kulturang malaya na dulot ng Magandang Balita at personal na kaugnayan sa Dios.

Sa usaping binabago ng Kristiyanismo ang buhay ng tao matagal nang napapansin na ito ay kabalintunaan sa ating karanasan. Si Jaime Bulatao ang nagsulat ng isang aklat tungkol sa *split-level Christianity* na namamayani sa bansang Pilipinas. Ilang siglo na nga bang naririto ang Kristiyanismo sa Pilipinas ngunit sa kanyang pagmamatyag ay hindi pa rin nagbabago ang mga mananampalataya. Napansin nya na mayroon pa ring malaking pagitan ang pamaraan ng pamumuhay kumpara sa ating niyayakap na pananampalataya. Para sa kanya namamahay sa iisang tao ang 2 o mahigit pang *thought and behavior system* na hindi naman magkatugma sa isa't-isa.²⁸ Ilang dekada na ba nang isulat ito ni Bulatao pero kitang-kita pa rin natin na magkalayo ang ating pananampalataya at ang ating karanasan. Hindi pa rin tayo binabago ng mabuting balita ni Kristo dahil ito ay banyaga pa rin sa atin. Nanatiling nasa isip lamang. Hanggang ngayon ay nababanggit pa rin maging ng mga banyagang manunulat ang ganitong suliranin sa mga bansang nasakop ng mga kanluraning kultura at pananampalataya. Hindi tayo nag-iisa.

Maging ang mananalasaysay na si K. M. Panikkar ay nagsabing banyaga para sa mga Indiano ang Kristiyanismo dahil sa ito ay naibahagi sa kulturang kanluranin mula sa Amerikano at taga-Europa. Sa loob ng maraming panahon nanatiling banyaga sa kanilang kultura at tradisyon ang pananampalatayang naibahagi sa kanila.²⁹

Sa totoo lang, ang mensahe ng mabuting balita ay kumakatawan sa kabuuang pananaw sa mundo o mga paniniwalang tinanggap ng walang paliwanag dahil ito ay kinagisnan na (worldview). Ilang taon ba talaga ang kailangang gugulin ng isang tao bago tuluyang maunawaan ng isip, maisapuso, at maisabuhay ang kapangyarihan ng mabuting balita na baguhin ang buhay ng isang tao? Ganito kahirap ang dinanas ng mga misyonero sa kanilang pagdadala ng mabuting balita sa bansang masyadong matatag ang kultura, nakagawian, at mga pananampalataya. Para sa kanila ang pagiging Kristiyano ay paghiwalay sa kinagisnang nakagawian. Ang mga Burmese ay hindi agad yumakap sa mensahe ng mga misyonero sa paniniwalang kapag tinanggap nila si Jesus sa buhay nila ay hindi na sila mananatiling Burmese. Itatakwil sila ng sarili nilang kultura or maaring itakwil din nila ang kanilang kultura.³⁰ Marami pa

²⁷Richard Niebuhr, *Christ and Culture* (New York, NY: Harper and Row Publishers, 1951). Sinabi ni Niebuhr na may limang kaugnayan si Cristo sa kultura: (1) *Christ against culture*; (2) *Christ of Culture*; (3) *Christ above culture*; (4) *Christ and culture in paradox*; (5) *Christ, the transformer of culture*.

²⁸Jaime Bulatao, *Split Level Christianity* (Manila: Ateneo de Manila Press, 1966), 2.

²⁹K. M. Panikkar, *Asia and Western Dominance: A Survey of the Vasco Da Gamma Epoch of Asian History, 1498-1945* (London: George Allen & Unwin, 1953), 454.

³⁰Ang mga Burmese ay naniniwalang isa silang tunay na Burmese kung sila ay Buddhist. Ang

ring bansa ang tulad nila, ganito rin ang karanasan ni William Carey sa India³¹ at si Mateo Ricci sa China. Kaya nga't upang maging karapat-dapat minabuti ni Ricci na magmukhang Chino: ginamit nya ang kasuotan ng mga Confucian scholar, namuhay syang tulad ng isang Buddhist monk, at naging kagalang-galang sa larangan ng agham, kasaysayan, at panitikang Chino.³²

Hangang Kailan Matitiis ang Paghihirap Ko

Sinoman ang may nais na maging paham sa teolohiya ay kailangang maging paham sa Salita ng Dios sa isang banda at sa kabilang banda naman ay dapat maalam sya sa katotohanan ng kanyang pang-araw-araw na karanasan. Bilang mga Kristiyano, dapat ay maalam tayo sa salita ng Dios. Minsan iniisip ko na mabuting nababasa natin ang buong Bibliya sa loob ng isang taon. Bukod pa sa kasanayan sa paggawa ng *exegesis* at sumusunod sa *cycle* ng *hermeneutics*. Ang teolohiya ay nangangailangan din ng karunungan sa pagbabasa ng ating mga karanasan. Sa pang-unawa ko sa sinulat ni Kevin Vanhoozer sa *Everyday Theology* binigyang diin nya na mahalagang maalaman natin kung paano magbasa ng ating kultura. Para sa kanya ang mga *theologians* ay dapat na nakapag-iisip sang ayon sa *hermeneutics of culture*. Dito nagbigay si Vanhoozer ng kapamaraan (*methodology*) kung paano magsimulang humakbang ang isang *everyday theologian*.³³

mga hindi Buddhists ay maituturing na second-class-citizens. Kaya hanggang ngayon malaki pa rin ang bahagdan ng Buddhists sa bansang Myanmar. Theolodre Lim and Dengthuama, "An Overview of Christian Missions in Myanmar," April 2016, <http://ojs.globalmissiology.org/index.php/english/article/view/1884/4197>.

³¹Mahigit 7 taon ang ginugol ni Carey upang makapagdala ng isang convert sa Kristiyanismo. Pinag-aralang mabuti ni Carey ang kultura, panitikan, wika, at pananampalataya ng mga Indiano bago naging magaan ang kanyang gawaing pagmimisyon. *Missionary Biographies*, "William Carey: A Baptist Page," Wholesome Words Home, 2023, <https://www.wholesomewords.org/missions/bcarey15.html>

³²Jaroslav Pelikan, *Jesus Through the Centuries: His Pace in the History of Culture* (New York: Harper and Row Publishers, 1985), 223.

³³Kevin VanHoozer, J. Anderson Charles, and Michael Sleasman, ed. *Everyday Theology: How to Read Cultural Texts and Interpret Trends* (Grand Rapids, MI: Baker Academic, 2007), 230. Ang **unang hakbang** ay ang pagkuha ng isang *cultural text or trend*. Ito ay madaling mapag-aralan sapagkat ito ay mas madaling makita. Karaniwan ito sa mga pelikula, programa sa television, mga awitin, mga sining, at iba pa. Kung gagawa ng paghahambing sa uso o *trend* noong mga nakaraang taon ng kasalukuyan ay madaling makikita ang hinahanap na *pattern* ng pagbabago. Ang **pangalawang hakbang** ay "*putting a foot forward: the world of*" kung saan ang theologian ay nagmamasid sa mga uso na magpapakita ng mga detalye sa pamamagitan ng pag-unawa sa tunay na uso. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng paglahok at pagkalap ng mga datos mula sa pagtatanong-tanong (*interviews*). Ang **ikatlong hakbang** ay "*putting it in perspective: the world behind*." Sa puntong ito ng *hermeneutical process* ay nagsusuri ng mga pangkasaysayan, at *social forces, biographical details, the genre*, at iba pa; sa makatuwid ay tinitingnan nito ang mga kadahilan at mga nakakaimpluwensya ng isang gawain. Dapat nating alamin kung sino nga ba ang mga taong kasali sa pagbalangkas ng bagong trend na ito. Ang **pang-apat na hakbang** ay "*putting together: the world in front*." Ito ay ang paghahanap ng *root metaphor* or imahe na makapagbubuklod at maglalagum ng lahat ng napag-alaman. At ang **huling hakbang** ay ang pagtanaw kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios. Dito masasalamin ang pananampalataya natin na ang Mabuting Balita ay totoong kaganapan. *Ibid.*, 231-238.

Paano nga ba basahin ang kultura? Sinubukan ko minsan na basahin ang hudyat ng kultura ng mga kabataan dito sa Baguio. Pinalakad ko ang aking mga kamag-aaral at pinangalap ng kasalukuyang temperatura ng kalagayan nila. Nagsipunta sila sa mall at nagtanung-tanong (pamaraang ethnograpiya). Pinaalam ko sa aking mga kamag-aaral kung ano ang bumubuo ng mga kwento ng mga kabataan dito sa Baguio. Kung maari ay matanaw man lang nila ang kanilang mga paboritong bayani, mga banal na bagay, banal na lugar, at ano ang pinagmumulan ng kanilang pinakamatinding pag-aalala (*ultimate concern focusing on greatest fear*). Napag-alaman ko mula sa impormasyong nakalap ng mga seminarians na ang mga kabataang ito ay madalas na nagtitipon-tipon sa mall upang magkasama-sama. Nakakalimutan nila ang kanilang mga problema kapag narito sila, nakatanaw sa malayo, umiinom ng kape, nagtatawanan, at nagku-kwentuhan hawak ang kanilang cellphones. Para sa kanila hindi nila kayang tumagal sa buong maghapon kung wala ang kanilang mga cellphones. *Bad trip* kung walang wifi kasi *feeling alone* sila. Kailangan nila ito upang maki-*connect* sa mga kaibigan nila.

Isa sa *ultimate concerns* diumano ng mga kabataang yan ay ang *expectations* ng mga magulang nila. Kinakatakutan nila ang pagbasak sa kanilang mga klase sa kolehiyo. Masyadong mataas ang mga pangarap ng kanilang mga magulang para sa kanila at ito ay nagbibigay sa kanila ng *pressures*. Masyadong mataas din ang halaga ng mga pangarap na ito. Alam nilang maraming isinasakripisyo ang kanilang mga magulang para sa kanila. Ngunit ang takot na ito ay nagpapamanhid din sa kanila. Nahihirapan sila at ang nagiging lugar para maging sila ay sila ay ang mall at ang mga taong pakiramdam nila ay walang batayan upang sila ay maging katanggap-tanggap sa kanila. Tuwang-tuwa ang aking mga kasama sa klase nang malaman nila na para sa mga kabataang ito, malabis nilang kinagiliwan ang pelikulang *Twilight*.³⁴ Nabanggit ng ilan sa kanila na talagang pinanood nila sa sinehan ang saga na ito. Gustong-gusto nila ang pakiramdam ng *“accepting love”* na nakita nila kay Bella at Edward. Hinahanap ng grupo ng mga kabataang ito ang uri ng pag-ibig na tatanggapin at yayakapin sila kahit maging sino man sila. Iniiwasan at kinatatakutan nila ang *expectations* maging ng kanilang mga magulang.³⁵

Noong matapos ang COVID-19 lockdowns, muli na namang lumabas ang aking klase upang mag-interview ng mga kabataan at dahil marami sa kanila ay gamers, sinubukan nilang makipaglaro sa kanila at doon ay nakipagkwentuhan. Napag-alaman ng aking mga kasamang learners, na ang gamers ay nakakabuo ng mundong gusto nilang galawan sa kanilang paglalaro. Doon ay nakakabuo sila ng bagong character at nagkakaroon sila ng super powers habang nanalo sila ng mga levels ng games. Nagkaron sila ng mundo na kakaiba sa kanilang kinalalagyan sa kasalukuyan. Ito ang powers ng online gaming. Nakakalayo sila sa kanilang magulong situation habang sila ay naglalaro at nabibigyan sila ng bagong lakas habang sila ay nananalo sa

³⁴*The Twilight Saga*, based on the series of novels by Stephanie Meyer, directed by Catherine Hardwicke (1), Chris Witz (2), David Slade (3), and Bill Condon (4-5), featuring Kristen Stewart, Robert Pattinson, and Taylor Lautner (Summit Entertainment, 2008-2012).

³⁵Ang mga impormasyon ay halaw sa asignaturang ipinasa sa klase ng *Theology and Culture*, 2015.

mga kalaban. Nakakatagpo din sila ng mga kaibigan at kakampi. Sabay-sabay silang nakakabuo ng bagong community of gamers na may strong willfulness na manalo. Tulungan at alalayan sa isa't isa. Magkakaiba mang lahi at magkakaiba ng wika, sa gaming ay nagkakaisa sila. Nagkakampihan at nagpapalakasan.³⁶

Matapos naming mapagnilay-nilayan at pag-usapan sa klase ang mga sagot ng mga kabataan, tiningnan namin kung ano nga ba ang tanong sa buhay ng mga kabataang ito na kayang sagutin ng Magandang Balita na dumating si Jesus para sa kanila. Isa lang ang nakita nilang Jesus na kailangan na kailangan ng mga kabataan, ito ang Jesus na kaibigan, kakampi, kasama—kaibigang nagmamahal sa lahat ng panahon, walang iwanan, hindi sila ibibitin sa ere, hindi sila itatakwil, tatanggapin ka maging sinoman sila, kasama sa lungkot at saya, kausap oras-oras, nagsasabihan ng tapatan, at wala silang pwedeng gawin na makapagpapalayo sa kanila at sa kanya. Bilang magkakakaibigan nag-aaway-away din ang mga kabataang ito, pero ayaw nila ang nilalaglag sila. Si Jesus na kaibigan ay hindi nang-lalaglag. Ibinigay nya ang kanyang buhay sa krus upang magkaroon tayo ng ugnayan sa kanya bilang kaibigang tunay (Jn 15:13).

Para sa mga kamag-aaral ko, ang mga kabataan ay naghahanap ng kaibigan at kakampi, si Jesus ang “kaibigang handang ibigay ang kanyang buhay para sa kaibigan” (Juan 15:13). Sa pagharap nila sa tunay na mundo, si Jesus ang “daan, ang katotohanan, at ang buhay...” Sya ang sumasalamin ng kung sino at ano sila sa harap ng ating Maykapal at sa loob ng mundong kanyang nilikha. Si Jesus ang Dios na nag-aaya sa lahat na pumasok sa kanyang kaharian kung saan tanggap niya kung sino man sila at kung hindi man sila katanggap-tanggap ay ginagawa nya silang katanggap-tanggap. Binigay nya ang kanyang sariling buhay para sa lalapit at mananampalataya sa kanya. Binabago nya ang buhay ng sinumang susunod sa kanya at binabago rin nya ang pananaw sa mundo ng mga nagtitiwala sa kanya dahil mula sa magandang kalooban ng Dios ay ginagawa nyang bago ang lahat (2 Cor 5:17). Ang kanilang pagkakilala kay Jesus ay magdadala sa kanila sa Bagong Umaga.

Darating Din ang Bukas Para sa Akin Malapit na ang Umaga

Dito sa akdang ito, nasimulan nating tingnan ang kinalalagyan ng kultura at wika sa pagteteolohiya. Malayo pa nga ba ang umaga? Sinimulan nating tingnan ang correlation method ni Tillich. Dito natin tiningnan ang 2 poste ng pagteteolohiya. Narito ang talaban ng tanong na naglalarawan ng pinakamataas na agam-agam ng tao at mula naman sa Bibliya natin hinahanap ang sagot sa mga tanong na ito. Halos pareho lang naman na ang Bibliya ang pinagmumulan ng kaalaman ngunit ang naiba lamang ay nauunang alamin ang kalagayan ng tao para maiakma ang katuruan na kailangan pagtuunan ng pansin at direktang makakatulong sa ikakaginhawa ng nagdadalamhati.

³⁶Gospel and Culture Class, 2nd semester, 2022.

Sinundan natin ang pamaraan ng pagsusulat ng ating pagmumuni-muni ayon kay Yaghjian kung saan nagbigay sya ng 4 na hakbang. Ang pinakahuli dito ay ang pagbubuo ng bagong pagmumuni-muni sa bagong karanasan. Para sa mga gamers, si Jesus ay kaibigan at kakampi. Ito man ay matatagpuan sa Bibliya at kasama rin sa mga itinuro ni Jesus tungkol sa kanyang sarili. Sa kasaysayan at tradisyong Kristiyano ang mga pagninilay na ito ay makikita ring nagamit ng mga ibang teologo. At para sa ating mga kabataan sa panahong ito, ang bagong pagmumuni-muni ay makakatulong sa kanila. Para sa mga guro at pastor, ang pagninilay na ito ay magiging bahagi rin ng pagtuturo upang madaling maakay ang mga kabataan sa pananampalataya kay Jesus.

Alam kong kulang pa ang aking pagmumuni-muni. Marami pang dapat isama at isaalang-alang sa talakayang ito. Sinabi ni Trokan na ang pinakamahalagang trabaho ng isang guro sa teolohiya ay magsilbing komadrona upang maisilang ang mga katotohanan na sakop ng mabathalang pag-aaral.³⁷ Hindi ko man lubusang maisagawa ang makatulong sa pagsilang ng teolohiyang Pilipino ay kahit paano naman ay may isang hakbang na nasimulan. Sinabi nga ni Lao Tzu, na "ang paglalakbay ng milya-milyang layo ay nagsisimula sa isang hakbang."³⁸

Marahil marami pa sa atin ang hindi pa nakakaalam na marami na ring Pilipino ang nagsisipagsulat ng teolohiya sa sarili nating wika. May mga pagsusumikap na rin na makabuo ng teolohiyang sumisipa o nais harapin ang suliranin o sakit ng ating lipunan. Kailangan nating linangin ang sarili nating kakanyahan sa pagbabalangkas ng ating pananampalataya upang sa gayon ay magkaroon na ng tuldok ang ilang dekadang pagtatanong ni Bulatao tungkol sa kapangyarihan ng mabuting balita na magpapabago sa ating mga buhay. Hiraya manawari ay maibsan ang kinamatayan na niyang lungkot sa natanaw pa nyang "split-level Christianity" na talamak sa ating bansa noon. Ito ang pinakamalaking dalamhati na kailangan pa rin nating harapin sa ngayon.

Sa aking palagay kung ang ating pagkakilala sa Maykapal ay tagos sa puso at kumikilos sa bawat himaymay ng dumadaloy na dugo sa ating ugat, ay maaaring matanaw na nga natin ang umagang ating minimithi sa larangan ng pagteteolohiya. Darating din ang bukas para sa atin. Darating din ang luwalhating minimithi. Ngayon pa lamang ay atin nang banggitin ang pagbibigay luwalhati sa ating Maykapal sa mga bagay na maaari nyang gawin sa pamamagitan ng kanyang mga gawa sa ating buhay sa larangan ng pagteteolohiya. Purihin Sya.

³⁷Trokan, "Models of Theological Reflections," 146.

³⁸Nagagamit ang kasabihang ito sa maraming kaparaanan: sa negosyo, sa pangkalusugang kadahilanan, mga proyekto, at iba pa. Ito ay isang kasabihang Chino na nakakonekta kay Lao Tzu, Literary Devices, <https://literarydevices.net/a-journey-of-a-thousand-miles-begins-with-a-single-step/>

Honorina Lacquian is a professor of Theology in her two alma mater. She received her Master of Divinity degree from the Philippine Baptist Theological Seminary (PBTS) and the Doctor of Theology degree from the Asia Baptist Graduate Theological Seminary (ABGTS). She served as Dean of ABGTS from 2012-2015, and as Associate Dean of the Philippine Area Learning Center from 2008-2012 and 2015-2020. She also held the office as Dean of Students in PBTS from 2005-2008. She was also the Regional Director for PBTS-Seminary Education by Extension in Central Luzon and beyond from 2001-2003. She is a member of Baguio Chinese Baptist Church. She is married to Jimmy and is a mother to Franz Yven.